
مركز تفقه



**Ustadh Ebrahim Datumanong**
MUSLIM PROPAGATOR

# ANG **ADHAN**
*(Ang pagtawag sa pag-anyaya sa Salah)*

# AT **IQAAMA**
*(Ang pagtawag sa pagsisimula ng Salah)*

Para sa karagdagang kaalaman ay makigpag-ugnayan lamang sa amin:


**LUZON**

: Abdulqader Bongcales
: +63 969 124 6035
: Darwin Andaya
: +63 927 041 7590
:Harun Capariño
:+63 951 327 6151

: Abdul Rashid Favre
: +63 915 902 6893
: Yusuf Ortiz
:+63 908 599 0832
: Rashid Indasan
:+63 933 853 6030

**VISAYAS**

: Abdulmalik Avenido
: +63 967 012 5144
:Ismael Cacharro
: +63 939 413 7268
:Abu Zainah
:+63 928 357 7472

: Adela M. Doble
: +63 967 012 5144
: Ayah Carreon
: +63 927 386 7363
:Khalid Asmad
:+63 997 451 8020

**MINDANAO**

: Rasheed Nantiza
: +63 956 162 9161
: Abdullah Bael
:+63 916 119 5602
: Ismael Español
:+63 919 422 1072

: Oliver S. Jandayan
:+63 906 882 4060
:Ebrahim Datumanong
:+63 905 937 3347
:Abduhakim Omalay
:+63 910 107 1895


## ADHAN (Ang Pagtawag ng Pag-anyaya sa Salaah)

Upang ipunin ang mga Muslim sa pagdarasal ng sama-sama o kongregasyon, ang Adhan ay isinasagawa. Ang Mu'adhin (nagsasagawa ng Adhan) ay titindig na nakaharap sa Qibla (Ka'aba sa Makkah) at itataas ang mga kamay na ang hintuturo ay nakalagay sa magkabilang tainga at bibigkasin ang Adhan sa malakas na tinig nang ganito:

- ***"Allahu Akbar"*** apat (4) na ulit *(Ang Allah ay Dakila)*
- ***"Ash-hadu Anla Ilaha Illallaah"*** dalawang (2) ulit
  *(Ako ay sumasaksi na walang tunay na diyos na dapat sambahin maliban sa Allah)*
- ***"Ash-hadu Anna Muhammadar Rasullullaah"*** dalawang (2) ulit
  *(Ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah )*
- ***"Hayya 'Alas Salaah"*** dalawang (2) ulit
  *(Halina sa Salaah (Pagdarasal)*
- ***"Hayya 'Alal Falaah"*** dalawang (2) ulit
  *(Halina sa Tagumpay)*
- ***"Allahu Akbar"*** dalawang (2) ulit
  *(Ang Allah ay Dakila)*
- ***"La Ilaha Illallaah"*** isang (1) ulit
  *(Walang tunay na diyos na dapat sambahin maliban sa Allah)*

Sa Adhan ng Salatul Fajr, ang mga sumusunod ay idinadagdag sa pagitan ng **"Hayya 'Alal Falaah"** (Halina sa Tagumpay) at **"Allahu Akbar"** (Ang Allah ay Dakila):

- ***"Assalatu Khairum Minan Naum"*** dalawang (2) ulit
  *(Ang pagdarasal ay higit na mabuti kaysa pagtulog)*

### Mga Dapat Sabihin Habang Itinatawag ang Adhan

Sinuman ang makaririnig ng Adhan, kanais-nais na banggitin ang bawa't sabihin ng Mu'adhin maliban sa "Hayya 'Alas Salaah" at "Hayya 'Alal Falaah". Sa halip, sabihin ang:

- ***"La Hawla Wa La Quwwata Illa Billah"***
  *(Walang kapangyarihan at lakas malibang magmula sa Allah).*

### DU'A (Panalangin) Pagkatapos ng Adhan

Pagkatapos ng Adhan, ang mga Muslim ay pinapa-yuhang manalangin ng ganito:

- ***"Allahumma rabba hadhi-hid da'awatit-tam-ma"***
  *(O Allah, Panginoon nitong ganap na pagtawag at ang mga itinak dang pagdarasal)*
- ***"Was-salatil qa'imati ati Muhammadan al waseelata wal fadeela"***
  *(Ibigay Mo kay Muhammad ang Wasilah, mataas na katayuan sa Paraiso)*
- ***Wab 'ath-hu maqaman mahmudal ladhi wa'ad-tah"***
  *(at itaas Mo siya sa kapuri-puring katayuan na Inyong ipinanga ko sa kanya)*

*Ang Propetar ay nagsabi: "Sinumang magsabi nitong Du'a pagkatapos marinig ang Adhan ay may karapatan sa aking pamamagitan sa Araw ng Paghuhukom." (Bukhari)*

## IQAMA (Ang Pagtawag sa Pagsisimula ng Salaah)

Pagkatapos ng Adhan at ang mga Muslim ay nagtipon na sa pook ng dasalan, ang pangalawang tawag (Iqamah) ay bibigkasin. Ito ay palatandaan na ang Salaah ay sisimulan na. Ang mga sumusunod ay ang pagtawag ng Iqamah:

- ***"Allahu Akbar"*** dalawang (2) ulit
  *(Ang Allah ay Dakila)*
- ***"Ash-hadu Anla ilaha Illallaah"*** isang (1) ulit
  *(Ako ay sumasaksi na walang tunay na diyos na dapat sambahin maliban sa Allah)*
- ***"Ash-hadu Anna Muhammadar Rasulullah"*** isang (1) ulit
  *(Ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah)*
- ***"Hayya 'Alas Salaah"*** isang (1) ulit
  *(Halina sa Salaah (Pagdarasal)*
- ***"Hayya 'Alal Falaah"*** isang (1) ulit
  *(Halina sa Tagumpay)*
- ***"Qad Iqamatis-Salaah"*** dalawang (2) ulit
  *(Ang Salaah ay mag-uumpisa na)*
- ***"Allahu Akbar"*** dalawang (2) ulit
  *(Ang Allah ay Dakila)*
- ***"La Ilaha Illallaah"*** isang (1) ulit
  *(Walang tunay na diyos na dapat sambahin maliban sa Allah)*